

## National Disability Coordination Officer Programme Mga Rehiyon sa South-Western Sydney at Western Sydney



May mahusay na pamamaraan ang Programa ng NDCO upang tulungan ang mga taong may kapansananang maka-access at makalahok sa pag-aaral sa kolehiyo at pagkatapos sa pagkakaroon ng trabaho, sa pamamagitan ng pambansang network ng mga NDCO na nakabase sa rehiyon. Nagtatrabaho ang mga NDCO kasama ang mga stakeholder upang mabawasan ang mga hadlang sa sistema, mangasiwa ng maayos na mga paglipat, gumawa ng mga ugnayan at pag-uugma ng mga serbisyo sa mga sektor ng edukasyon, pagsasanay at pagtatrabaho.

Ang mga NDCO ay kumikilos na kasama ang isang malawak na hanay ng mga stakeholder: mga taong may kapansanan at kanilang mga pamilya; mga paaralan (Pampubliko, Katoliko at Nagsasarili); mga tagadulot ng edukasyon sa kolehiyo at pagsasanay; mga serbisyo sa pamamasukan; mga taga-empleyo; mga serbisyo sa komunidad at may-kapansanan; at iba pang mga programa ng Gobyerno. Pinopondohan ng Gobyerno ng Australia ang programa.

Ang Diversity unit ng University of Western Sydney ang tagapunong-abala ng programa ng NDCO sa mga rehiyon ng South-Western Sydney at Western Sydney.

### Anong mga serbisyo ang maaaring ibigay ng NDCO sa mga taong may kapansanan?

- Tulungan ang mga tao na gamit ang impormasyon tungkol sa hanay ng mapag-aaralan pagkatapos ng mataas na paaralan, pagsasanay, at mga mapagpipilian sa pamamasukan ng at kung paano maa-access ang mga ito, halimbawa, sa pamamagitan ng pagpresenta sa mga pangkat ng mga estudyante at pamilya, at pagdaraos ng mga pagdiriwang at porum
- *Ipaalam sa mga taong may kapansanan ang tungkol sa kanilang mga karapatan, pagiging karapat-dapat, mga pananagutan ng tagapagdulot, magagamit na mga serbisyo at suporta, upang matulungan silang magtagumpay sa mga paglipat at makalahok sa edukasyong pangkolehiyo at pagkatapos sa pagkakaroon ng trabaho.*
- Magsangguni at mag-ugnay sa mga indibidwal at organisasyon para sa mga lokal na serbisyo sa suporta at tulungan silang maka-access patuloy na mga pagtulong kapag kailangan.

## Paano pa nakakatulong ang mga NDCO?

- Tumutulong sa pag-uugma ng mga serbisyo at ugnayan sa pagitan ng mga paaralan, tagadulot ng pang-bokasyonal na edukasyon, tagadulot ng mas mataas na edukasyon at tagadulot ng mga serbisyo sa pagtatrabaho at programa para sa mga may kapansanan
- Nagtatatag o sumusuporta sa mga lokal na network sa pagtataguyod ng komunikasyon, kooperasyon at mga matibay na ugnayan sa pagitan ng mga propesyonal na nagtatrabaho sa mga paaralan, pang-bokasyonal na edukasyon, mas mataas na edukasyon at mga serbisyo sa pagtatrabaho
- Nag-aalok ng propesyonal na pagpapaunlad at pagsasanay sa mga tagadulot ng edukasyon at taga-empleyo upang matulungan silang pagbutihin ang pagsuporta sa pagpapalano at pakikilahok sa paglipat ng mga estudyante sa pag-aaral sa kolehiyo at pagtatrabaho
- Mangasiwa ng mga proyekto at pagsososyo upang matugunan ang mga hadlang at isyu sa sistema na nakakaapekto sa matiwasay na paglipat ng mga mga taong may kapansanan sa pag-aaral sa kolehiyo at pagtatrabaho

## Mga mapagkukunan upang tulungan ka

- Ang aming website na **Get Ready for Study and Work** ay puno ng impormasyon sa mga mapagpipilian tungkol sa pagkatapos ng pag-aaral para sa mga taong may kapansanan, makatwirang pagpapabago na makukuha sa pag-aaral at pagtatrabaho, pagbubunyag at mga ugnay sa marami pang ibang mga mapagkukunan. Bisitahin ang aming website ngayong araw: [www.westernsydney.edu.au/ndco](http://www.westernsydney.edu.au/ndco)
- **Pagpili ng Iyong Landas. Paghahayag:** Ang **It's a Personal Decision** ay isang website na tumutugon sa mga hamon ng paghahayag na kinakaharap ng mga estudyante, empleyado at taga-empleyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga mapagpipilian at tatahaking landas. Tingnan ang: [www.westernsydney.edu.au/ndco/disclosure](http://www.westernsydney.edu.au/ndco/disclosure)
- Ang aming website na **Get Ready for Uni** ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa kung paano maghanda para sa unibersidad, pagpili ng kurso, pagpili ng unibersidad, mga makukuhang alternatibong landas at suporta sa kapansanan. Tingnan ang website: [www.westernsydney.edu.au/ndco/getready](http://www.westernsydney.edu.au/ndco/getready)
- Ang **Education to Employment Package** ay isang website na nakatuon sa mga estudyante ng kolehiyo at mga nagtapos na may kapansanan at nang kanilang mga taga-empleyo at tagadulot ng serbisyo. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [www.westernsydney.edu.au/ndco/employment](http://www.westernsydney.edu.au/ndco/employment)



## Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na NDCO

**Rehiyon ng South-Western Sydney**  
**Gillian Hilt o Nicole Ison**  
University of Western Sydney  
Campbelltown Campus  
Telepono: 4620 3175 o 4620 3246  
Email: [g.hilt@westernsydney.edu.au](mailto:g.hilt@westernsydney.edu.au)  
o [n.ison@westernsydney.edu.au](mailto:n.ison@westernsydney.edu.au)

**Rehiyon ng Western Sydney**  
**Bernard Sobiesiak**  
University of Western Sydney  
Werrington North Campus  
Telepono: 9678 7376  
Email: [b.sobiesiak@westernsydney.edu.au](mailto:b.sobiesiak@westernsydney.edu.au)

Hindi ang iyong lugar? Tingnan ang [www.education.gov.au/ndcoprogramme](http://www.education.gov.au/ndcoprogramme) upang mahanap ang iyong lokal na NDCO